

Ang mga serbisyo ng Pag-aalaga sa Sarili ng LRI ay ibinibigay sa pamamagitan ng mga sumusunod na Programa ng Mga Serbisyonang Nakabatay sa Tahanan at Komunidad (HCBS Waiver):

Antas ng Pangangalaga ng Pasilidad para sa Katamtamang Pangangalaga

- Waiver ng Suporta sa Pamilya (FSW).
- Waiver para sa Araw ng Matanda ng mga Kapansanan sa Pag-unlad (DDAD).
- Komprehensibong Programa para sa mga Indibidwal na may Kapansanang Pangkaunlaran

Antas ng Pangangalaga sa Pasilidad na nagbibigay ng Pangangalaga

- Waiver ng HCBS para sa May-edad at Nasa hustong gulang at mga Batang may Kapansanan (AD)



Higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng Pag-aalaga sa Sarili ng LRI, ay matatagpuan sa mga seksyon ng Waiver para sa Matatanda at may Kapansanan o Aged and Disabled (AD) Waiver at Waiver ng mga taong may Kapansanang Pangkaunlaran o Developmental Disabilities (DD) Waivers sa ilalim ng DDD ng mga Publikasyon at Video na matatagpuan sa pahina ng mga mapagkukunan (Resources) ng Dibisyon para sa mga may Kapansanang Pangkaunlaran <https://dhhs.ne.gov/Pages/DD-Resources.aspx>.

Para sa karagdagang impormasyon,
bumisita sa: <https://dhhs.ne.gov/>



Kagawaran ng Kalusugan at
Serbisyonang Pantao ng
Nebraska

Dibisyon ng may Kapansanan sa Pag-unlad

NEBRASKA
Good Life. Great Mission.
DEPT. OF HEALTH AND HUMAN SERVICES

Pag-aalaga sa Sarili ng LRI

Taong May Legal na Pananagutan

Mga serbisyo sa Pag-aalaga sa Sarili ng LRI



Ang Kagamitan para sa Natatanging Pangangalaga

Ang serbisyo sa Pag-aalaga sa Sarili ng LRI ay nangangailangan na ang isang kalahok ay dapat tumugon sa kahulugan o pamantayan ng Natatanging Pangangalaga upang magamit ang serbisyong ito. Ang Kagamitan ng Natatanging Pangangalaga o (DD-26) ay pinupunan ng Tagapag-ugnay ng Serbisyo kasama ang koponan ng Planong Nakatuon sa Indibidwal o (PCP) Person- Centered Plan. Ang kasangkapang ito ay ginagamit upang tasahin kung gaano kalaki ang pangangailangan para sa pisikal o aktuwal na tulong mula sa ibang tao upang matapos ang mga gawain, at upang matukoy ang bilang ng oras bawat linggo na maaaring awtorisahan.

Pagsisimula

Pag-usapan ang iyong interes sa serbisyong ito sa itinalagang Tagapag-ugnay ng Serbisyo ng kalahok.

Ano ang isang Taong May Legal na Pananagutan o LRI?

Ang LRI ay tinutukoy bilang magulang ng isang menor de edad na anak — maaaring biological o ampon — o asawa ng kalahok.

Ano ang Pag-aalaga sa Sarili ng LRI?

Ang Pag-aalaga sa Sarili ng LRI ay isang serbisyo na nagbibigay-daan sa mga magulang ng mga menor de edad na anak at sa mga asawa ng mga kalahok sa waiver na magbigay ng aktuwal na tulong sa mga Pang-araw-araw na Gawain (Activities of Daily Living o ADLs), mga Gawaing Pangkalusugan (health-maintenance activities), at mga Instrumental na Pang-araw-araw na Gawain (Instrumental Activities of Daily Living o IADLs) sa loob ng tahanan ng kalahok at sa iba pang lugar sa komunidad, para sa mga kalahok sa waiver na tumutugon sa pamantayan ng Natatanging Pangangalaga (Extraordinary Care).

Mga halimbawa ng ADL at IADL

- Paliligo
- Pagdadamit
- Pagpunta sa Palikuran
- Tulong sa Medikal na Pagpapakain
- Tulong sa Paglilipat
- Paghahanda ng pagkain



Mga Dapat Isaalang-alang

- Ang mga indibidwal ay dapat na tumugon sa kahulugan ng Natatanging Pangangalaga
- Ang Pag-aalaga sa Sarili ng LRI ay ang tanging serbisyo sa ilalim ng waiver na maaaring ibigay ng LRI
- Ang LRI ay dapat na empleyado ng isang ahensya upang maibigay ang serbisyong ito, maliban lamang sa mga natatanging pagkakataon
- Ang Pag-aalaga sa Sarili ng LRI ay papayagan lang kung lumabas sa Kagamitan ng Natatanging Pangangalaga na kailangan ito, at hindi lalagpas ng hanggang 40 oras sa isang linggo.
- Saklaw lamang ng serbisyo sa Pag-aalaga sa Sarili ng LRI nito ang mga aktuwal na gawaing may direktang pag-aasikaso (hands-on tasks) at nangangailangan ng EVV (Electronic Visit Verification). Ang serbisyo ay hindi kinabibilangan ng pagsubaybay at pagsubaybay sa kalahok na may waiver.
- Ang pagbibigay ng serbisyo ay hindi maaaring isagawa habang may ibang serbisyong ibinibigay, kabilang na ang oras ng klase na itinakda ng lokal na distrito ng paaralan.
- Ang serbisyong ito ay inilaan upang payagan ang LRI na magbigay ng pag-aalaga sa halip na magkaroon ng isang tagapag-alaga na papasok sa tahanan.

